

Pagsasanay sa Filipino

Pangalan _____ Petsa _____ Marka _____

Paggamit ng Ng o Nang

Kakayahan: Nagagamit ang salitang *ng* o *nang* upang mabuo ang pangungusap

Isulat sa patlang ang salitang **ng** o **nang** upang mabuo sa pangungusap.

1. Ang Lungsod _____ Tacloban ang kabisera _____ Leyte.
2. Ang mga pagkaing de-lata ay ibibigay sa mga taong nasalanta _____ malakas na bagyo.
3. Tumigil ang iyak _____ sanggol _____ bumalik ang nanay.
4. Sino ang nagmamay-ari _____ itim na *backpack* sa silid?
5. Ang mga manonood _____ pelikula ni Robin Williams ay tawa _____ tawa.
6. Manood tayo _____ telebisyon _____ malaman natin ang mga bagong balita.
7. Nasa loob kami _____ bahay _____ tinamaan _____ kidlat ang punong niyog.
8. Ang artikulong ito ay isinulat _____ panganay na anak ni Erica.
9. Tumakbo _____ mabilis ang pusang hinahabol _____ aso.
10. Binantayan _____ lolo ang kanyang mga apo.
11. Hatinggabi na _____ umuwi ang mag-ama dahil inabutan sila _____ matinding trapik sa EDSA.
12. Kaluluto pa lamang ni Ate Wilma _____ masarap na arroz caldo.
13. Si Lara ang gumuhit _____ magandang larawan.
14. _____ lumabas ang guro, kinopya _____ mga mag-aaral ang nakasulat sa pisara.
15. Tumahol _____ tumahol ang aso hanggang umalis ang bisita _____ kanyang amo.

Pagsasanay sa Filipino

Pangalan _____ Petsa _____ Marka _____

Paggamit ng Ng o Nang (Mga Sagot)

Kakayahan: Nagagamit ang salitang *ng* o *nang* upang mabuo ang pangungusap

Isulat sa patlang ang salitang **ng** o **nang** upang mabuo sa pangungusap.

1. Ang Lungsod ng Tacloban ang kabisera ng Leyte.
2. Ang mga pagkaing de-lata ay ibibigay sa mga taong nasalanta ng malakas na bagyo.
3. Tumigil ang iyak ng sanggol nang bumalik ang nanay.
4. Sino ang nagmamay-ari ng itim na *backpack* sa silid?
5. Ang mga manonood ng pelikula ni Robin Williams ay tawa nang tawa.
6. Manood tayo ng telebisyon nang malaman natin ang mga bagong balita.
7. Nasa loob kami ng bahay nang tinamaan ng kidlat ang punong niyog.
8. Ang artikulong ito ay isinulat ng panganay na anak ni Erica.
9. Tumakbo nang mabilis ang pusang hinahabol ng aso.
10. Binantayan ng lolo ang kanyang mga apo.
11. Hatinggabi na nang umuwi ang mag-ama dahil inabutan sila ng matinding trapik sa EDSA.
12. Kaluluto pa lamang ni Ate Wilma ng masarap na arroz caldo.
13. Si Lara ang gumuhit ng magandang larawan.
14. Nang lumabas ang guro, kinopya ng mga mag-aaral ang nakasulat sa pisara.
15. Tumahol nang tumahol ang aso hanggang umalis ang bisita ng kanyang amo.